

Sacramento Suburban Water District
(Distrito ng Tubig ng Suburban ng Sacramento)

Patakaran sa Pagputol ng Serbisyong Tubig sa Tirahan

Pinagtibay: Enero 27, 2020

100.00 Pangkalahatang Probisyon

a. Pagpapatupad. Ang Patakarang ito ay ipinapatupad lamang sa pagputol ng serbisyong tubig sa tirahan dahil sa hindi pagbayad. Ang umiiral na mga ordinansa, resolusyon, patakaran, at pamamaraan ng Distrito ay dapat patuloy na ipatutupad sa mga account ng serbisyong tubig na hindi residensiyal at sa pagputol ng serbisyong tubig sa tirahan para sa iba pang mga kadahilanan, kasama ang terminasyon ng isang koneksyon sa serbisyo ng Distrito dahil sa paglabag ng customer sa anumang iba pang ordinansa, panuntunan, regulasyon, o patakaran ng Distrito. Kung sakaling may anumang salungat sa pagitan ng Patakarang ito at anumang iba pang ordinansa, panuntunan, regulasyon, o patakaran ng Distrito, ang Patakarang ito ang dapat manaig. Kung sakaling may anumang salungat sa pagitan ng Patakarang ito at sa batas ng estado, ang batas ng estado ang dapat manaig.

b. Pananagutan ng Customer. Sa ilalim ng naaayong mga ordinansa, resolusyon, patakaran, at pamamaraan ng Distrito ang mga bill sa serbisyo ng tubig ay buwanang ibinibigay sa bawat customer, at itinatakda at mababayaran matapos ang presentasyon. Ang mga bill sa serbisyo ng tubig ay magiging delinkuwerte kung hindi mababayaran sa loob ng 60 araw mula sa petsa na nasa bill. Pananagutan ng customer na tiyakin na ang mga bayad ay natatanggap sa tanggapan ng Distrito nang nasa oras. Ang pagbabayad ay maaaring gawin sa tanggapan ng Distrito, online, o sa address para sa remittance ng mga bayad na ipinadala sa koreo.

c. Pagkakaroon ng Patakaran. Ang Distrito ay dapat magbigay ng Patakarang ito at lahat ng nakasulat na mga abisong ibinigay sa ilalim ng Patakarang ito sa English, Spanish, Chinese, Tagalog, Vietnamese, at Korean, at sa anumang iba pang sinasalitang wika nang hindi bababa sa 10 porsiyento ng mga taong nakatira sa lugar ng serbisyo ng Distrito o hinihingi sa seksyon 1632 ng Kodigo Sibil (Civil Code). Ang Patakarang ito ay dapat naka-post at pananatilihin sa Internet website ng Distrito sa www.sswd.org.

d. Numero ng Telepono ng Kontak. Ang Departamento ng Serbisyo sa Custome ng Distrito ay matatawagan sa (916) 972-7171 para sa tulong tungkol sa pagbabayad sa mga bill ng tubig at upang talakayin ang mga opsyon para sa pagpapahinto sa pagputol ng serbisyo sa tirahan dahil sa hindi pagbayad.

101.00 Pagputol ng Serbisyong Tubig sa Tirahan dahil sa Hindi Pagbayad

a. 60-Araw na Panahon ng Pagka-delinkuwente. Hindi dapat putulin ng Distrito ang sebisyonang tubig sa tirahan dahil sa hindi pagbayad ng isang bill sa serbisyo hanggat ang pagbabayad ng isang customer ay delinkuwente na nang 60 araw.

b. Abiso ng Paalala. Ang mga abiso ng paalala ay hindi ipadadala nang magkahiwalay sa mga customer, ngunit ang abiso ng pagka-delinkuwente at anumang nauugnay na mga kabayaran sa pagka-delinkuwente ay ipi-print sa bill ng susunod na buwan.

c. 10-Araw na Abiso. Hindi bababa sa 10 araw bago ang pagputol ng serbisyo sa tirahan dahil sa hindi pagbayad, dapat ay makipag-unayan ang Distrito sa nakapangalang customer sa account sa pamamagitan ng telepono o nakasulat na abiso.

i. Kapag ang Distrito ay nakipag-ugnayan nakapangalang customer sa account sa pamamagitan ng nakasulat na abiso sa ilalim ng seksyong ito, ang nakasulat na abiso ng pagka-delinkuwente ng pagbabayad at ang nakabinbing pagputol ay ipapadala sa pamamagitan ng koreo sa tirahan ng customer kung saan ibinibigay ang serbisyo sa tirahan. Kung ang address ng customer ay hindi ang address ng ari-arian kung saan ibinibigay ang serbisyo sa tirahan, ang abiso ay dapat ding ipadala sa address ng ari-arian kung saan ibinibigay ang serbisyo sa tirahan, na naka-address sa “Nakatira”.

ii. Dapat isama sa nakasulat na abiso ang sumusunod na impormasyon sa isang malinaw at nababasang format:

1. Ang pangalan at address ng customer.

2. Ang halaga ng pagka-delinkuwente, kasama ang isang pagdedetalye ng anumang mga multa sa naantalang pagbabayad at interes na ipapataw sa mga delinkuwenteng singil.

3. Ang petsa at oras kung saan ang pagbabayad o pagsasaayos para sa pagbabayad ay dapat isagawa upang maiwasan ang pagputol ng serbisyo ng tubig.

4. Isang paglalarawan ng prosesong ipapatupad para sa isang palugit na panahon upang bayaran ang mga delinkuwenteng singil.

5. Isang paglalarawan ng pamamaraan kung saan ang customer ay maaaring magpetisyon para sa pagrepaso ng bill at umapela o simulan ang isang reklamo o humiling ng isang imbestigasyon tungkol sa serbisyo o mga bayarin.

6. Isang paglalarawan ng pamamaraan kung saan ang customer ay maaaring humiling ng pagpapaliban, pagbabawas, o alternatibong iskediyul ng pagbabayad, kasama ang paghuhulog sa mga delinkuwenteng singil sa serbisyo sa tirahan, na hindi nababago sa Patakarang ito.

7. Isang paglalarawan ng pamamaraan para makakuha ang customer ng impormasyon sa pagkakaroon ng pinansyal na tulong, kasama ang pribado, lokal, estado, o mga pinagmumulang federal, kung naaangkop.

8. Ang numero ng telepono ng Distrito, address ng negosyo, at mga oras ng operasyon ng isang kinatawan ng serbisyo sa customer na makapagbibigay ng karagdagang impormasyon o magkapagsasagawa ng mga pagsasaayos para sa pagbabayad.

iii. Kung ang nakasulat na abiso ay bumalik sa pamamagitan ng koreo bilang hindi maihahatid, ang Distrito ay gagawa ng isang pagsisikap na may mabuting layunin na bisitahin ang tirahan at mag-iwan o maglagay sa isang lugar na hayag ng isang abiso sa napipintong pagputol ng serbisyo sa tirahan dahil sa hindi pagbabayad at isang kopya ng Patakarang ito.

d. 48-oras na Pagpapaskil ng Abiso. Ang Distrito ay dapat magsagawa ng isang makatwiran, pagsisikap na may mabuting layunin na makipag-ugnayan isang taong nasa hustong gulang na nakatira sa lugar ng customer sa pamamagitan ng telepono o personal nang hindi bababa sa 48 oras bago ang anumang terminasyon ng serbisyo maliban na lang kung ang pakikipag-ugnayan sa telepono o personal ay hindi maisasagawa, ang Distrito ay dapat magbigay, sa pamamagitan ng koreo o sa pamamagitan ng pagpapaskil sa isang hayag na lokasyon sa lugar, ng isang abiso ng terminasyon ng serbisyo, nang hindi bababa sa 48 oras bago ang terminasyon. Dapat isama sa abisong ito ng terminasyon ng serbisyo ang lahat ng sumusunod na impormasyon:

i. Ang pangalan at address ng customer.

ii. Ang halaga ng pagka-delinkuwerte, kasama ang isang pagdedetalye ng anumang mga multa sa naantalang pagbabayad at interes na ipapataw sa mga delinkuwenteng singil.

iii. Ang petsa at oras kung saan ang pagbabayad o mga pagsasaayos para sa pagbabayad ay kinakailangan upang maiwasan ang terminasyon.

iv. Ang pamamaraan para makakuha ng impormasyon customer sa pagkakaroon ng pinansyal na tulong, kasama ang pribado, lokal, estado, o mga pinagmumulang federal, kung naaangkop.

v. Ang numero ng telepono ng Distrito, address ng negosyo, at mga oras ng operasyon ng isang kinatawan ng serbisyo sa customerna makapagbibigay ng karagdagang impormasyon o makapagsasagawa ng mga pagsasaayos para sa pagbabayad.

e. Impormasyon sa Pagpapanumbalik ng Serbisyo. Matapos ang pagputol, ang Distrito at dapat magbigay sa customer ng impormasyon kung paano maibabalik ang serbisyo sa tirahan.

102.00 Mga Paghihigpit sa Pagputol ng Serbisyo ng Tubig

a. Hindi dapat putulin ng Distrito ang sebisyong tubig sa tirahan dahil sa hindi pagbayad ng isang bill sa serbisyo hanggat ang pagbabayad ng isang customer ay delinkuwerte na nang 60 araw.

b. Hindi puputulin ng Distrito ang serbisyo sa tirahan sa alinman sa mga sumusunod na sitwasyon:

i. Sa panahon na ang Distrito ay nagsisiyasat sa hidwaan o reklamo ng customer sa ilalim ng seksyon 8 ng Patakarang ito.

ii. Kapag ang customer ay binigyan ng isang palugit na panahon sa pagbabayad ng isang bill.

c. Hindi puputulin ng Distrito ang serbisyo sa tirahan kung ang lahat ng sumusunod na mga kondisyon ay natutugunan:

i. Ang customer, o isang nangungupahan sa customer, ay nagsumite sa Distrito ng sertipikasyon ng isang pangunahing tagapagbigay ng pangangalaga, tulad ng tinukoy sa seksyon 14088(b)(1)(A) ng Kodigo ng Kapakanan at mga Institusyon (Welfare and Institutions Code), na ang pagputol ng serbisyo sa tirahan ay magiging pagbabanta sa buhay sa, o magbibigay ng seryosong banta sa kalusugan at kaligtasan ng, isang residente ng ari-arian na tumatanggap ng serbisyo.

ii. Ang customer ay nagpapakita na siya ay walang kakayahang pinansyal na magbayad para sa serbisyo sa tirahan sa loob ng normal na ikot ng paniningil ng sistema ng tubig ng lungsod at komunidad. Ang customer ay ituturing na walang kakayahang pinansyal na magbayad para sa serbisyo sa tirahan sa loob ng normal na ikot ng paniningil ng sistema ng tubig ng lungsod at komunidad kung (1) sinumang miyembro ng sambahayan ng customer ay kasalukuyang tumatanggap ng CalWORKs, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Kita na Pandagdag ng Seguridad/Programa sa Karagdagang Kabayaran ng Estado (Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program), o Programa sa Espesyal na Pandagdag sa Nutrisyon ng California para sa mga kababaihan, sanggol at bata (California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, ang Children), o (2) ang customer ay nagpapahayag na ang taunang kita ng sambahayan ay 200 porsiyentong mas mababa sa federal na antas ng kahirapan.

iii. Ang customer ay pumapayag na pumasok sa isang alternatibong pagsasaayos ng pagbabayad, na hindi nababago sa mga probisyon ng Seksyon 4 ng Patakarang ito.

d. Ang Distrito ay pinagbabawalan na tapusin ang serbisyo sa tubig sa sinumang customer o nangungupahan sa isang customer tuwing Sabado, Linggo, legal na pista opisyal, o labas sa mga oras ng normal na operasyon nito.

103.00 Alternatibong mga Pagsasaayos ng Pagbabayad

a. Mga Opsyon. Pagkatanggap ng kahilingan, isasaalang-alang ng Distrito ang sumusunod na mga opsyon sa isang delingkuwenteng customer upang maiwasan ang pagpapatigil ng serbisyo sa tirahan dahil sa hindi pagbayad:

i. Paghuhulog sa hindi nabayaranang balanse:

- ii. Paglahok sa isang alternatibong iskedyul ng pagbabayad:
- iii. Isang baha-bahagi o buong pagbawas ng hindi nabayarang balanse, na pinondohan nang walang karagdagang singil sa iba pang nagbabayad; o.
- iv. Pansamantalang pagpapaliban ng pagbabayad.

(Pinagsama-samang “Mga Pagsasaayos ng Pagbabayad.”)

b. Administrasyon ng Distrito. Ang Pangkalahatang Tagapamahala ng Distrito, o ang kanyang inatasan, ay maaaring pumili kung alin sa mga Pagsasaayos ng Pagbabayad na isinalarawan sa Seksyon 103.00(a), sa itaas, ang maaari sa customer at maaaring itakda ang mga parametro sa opsyon ng pagbabayad na iyon. Sa pangkaraniwan, ang Pagsasaayos ng Pagbabayad na inaalok ay dapat magresulta sa pagbabayad ng anumang natitirang balanse sa loob ng 12 buwan. Ang Distrito ay maaaring magkaloob ng mas mahabang panahon ng pagbabayad kung makikita nito na ang mas mahabang panahon ay kailangan upang maiwasan ang hindi nararapat na paghihirap sa customer batay sa mga pangyayari ng indibidwal na kaso. Ang Distrito ay maaaring maningil ng isang kabayaranang administratibo para sa gastos sa pamamahala ng mga Pagsasaayos ng Pagbabayad sa ilalim ng probisyong ito. Ang Pangkalahatang Tagapamahala, o ang kanyang inatasan, ay awtorisadong ihanda at aprubahan ang isang kasunduan ng Pagsasaayos ng Pagbabayad sa isang customer na hindi nababago sa Seksyon 103.00 na ito.

c. Mga Obligasyon ng Customer. Kung Distrito at ang customer ay pumasok sa isang Pagsasaayos ng Pagbabayad sa ilalim ng Seksyon 103.00 na ito, ang customer ay dapat sumunod sa kasunduan o iba pang pagsasaayos at manatiling nagbabayad sa anumang bagong mga singil sa serbisyo ng tubig dahil ang mga ito ay sinisingil sa bawat kasunod na panahon ng paniningil. Ang customer ay maaaring hindi humiling ng karagdagang paghuhulog o pagbabawas ng anumang hindi nabayarang mga singil sa sumusunod na mga bill habang nagbabayad ng mga delingkuwenteng singil sa ilalim ng isang alternatibong pagsasaayos ng pagbabayad. Magsisimula sa petsang unang ipinasok sa pagsasaayos ng pagbabayad, ang mga customer na nabigong sumunod sa anumang pinagkasunduang pagsasaayos ng pagbabayad ay hindi na magiging karapat-dapat na magsagawa mga pagsasaayos ng pagbabayad sa hinaharap sa loob ng 12 buwan, maliban na lang kung ito ay ipinagbabawal sa batas.

104.00 Pagputol Matapos ang Pagkabigo na Sumunod sa Alternatibong mga Pagsasaayos ng Pagbabayad

a. Kung ang customer at ang Distrito ay pumasok sa anumang Pagsasaayos ng Pagbabayad sa ilalim ng Seksyon 103.00, ang Distrito ay maaaring magputol ng serbisyo nang hindi aabutin ng limang araw ng trabaho matapos ang pagpapaskil ng Distrito ng isang huling abiso ng hangarin na putulin ang serbisyo sa isang prominente at hayag na lokasyon sa ari-arian sa ilalim ng alinman sa mga sumusunod na pangyayari:

- i. Nabigo ang customer na sumunod sa Pagsasaayos ng Pagbabayad sa loob ng 60 araw o higit pa.

ii. Habang nagsasagawa ng isang Pagsasaayos ng Pagbabayad, ang customer ay hindi nagbayad ng kanyang kasalukuyang mga singil sa serbisyo sa tirahan sa loob ng 60 araw o higit pa.

b. Isasama sa abiso ng terminasyon sa ilalim ng Seksyon 104.00 na ito ang lahat ng sumusunod na impormasyon:

- i. Ang pangalan at address ng customer
- ii. Abiso ng hindi pagsunod ng customer sa Pagsasaayos ng Pagbabayad.
- iii. Ang Pagsasaayos ng Pagbabayad o iba pang mga kondisyon na dapat matugunan ng customer upang maiwasan ang terminasyon.
- iv. Ang numero ng telepono ng Distrito, address ng negosyo, at mga oras ng operasyon ng isang kinatawan ng serbisyo sa customer na makapagbibigay ng karagdagang impormasyon.

Ang abisong ito ay hindi nagbibigay ng karapatan sa customer ng karagdagang imbestigasyon o probisyon ng alternatibong mga pagsasaayos ng pagbabayad sa Distrito.

105.00 Pagputol sa Master Meter sa mga Sitwasyon ng Nagpapaupa-Nangungupahan

a. Kakayahang Maipatupad. Ang seksyong ito ay ipinapatupad sa serbisyo ng Distrito sa pamamagitan ng isang indibidwal na metro sa isang solong-pamilya na nakatira nang hiwalay, isang pantahanang istruktura na maramihan ang yunit, parke ng mobile home, o permanenteng istrukturang residensiyal sa isang labor camp, kung ang nagmamay-ari lamang, tagapamahala, o nagpapatakbo ay ang nakatalang customer, at may isang ugnayan ng nagpapaupa-umuupa sa pagitan ng mga residenteng nakatira at may-ari, tagapamahala, o nagpapatakbo ng gusali.

b. Abiso. Ang Distrito ay dapat gumawa ng bawat pagsisikap na may mabuting layunin upang ipaalam sa mga residenteng nakatira, sa pamamagitan ng nakasulat na abiso, kapag ang account ay atrasado na, na ang serbisyonang iyon ay ihihinto nang hindi bababa sa 10 araw bago ang terminasyon. Ipapaalam ng abisong ito ang karagdagang impormasyon sa mga residenteng nakatira na sila ay may karapatan maging mga customer ng Distrito, kung kanino ang serbisyo ay sisingilin pagkatapos, nang hindi kailangang bayaran ang anumang halaga na maaaring dahilan sa delinkuwenteng account.

c. Serbisyo sa mga Nakatira. Hindi kailangang ipagamit ng Distrito ang serbisyo sa mga residenteng nakatira maliban kung ang bawat residenteng nakatira ay sumasang-ayon sa mga tuntunin at kondisyon ng serbisyo sa tubig ng Distrito at tumutugon sa mga kailangan ng batas at ng mga ordinansa, panuntunan, regulasyon, at mga patakaran ng Distrito. Gayunpaman, kung isa o higit pang residenteng nakatira ay sumasang-ayon at kayang gampanan ang pananagutan para sa mga susunod na singil sa account na pinapahintulutan ng Distrito, o kung may isang pisikal na kaparaanang legal na magagamit sa Distrito sa pagpili ng pagpapatigil ng serbisyo sa mga residenteng nakatira na hindi nakatugon sa mga kinakailangan ng mga ordinansa, panuntunan, regulasyon, at patakaran ng Distrito, ipagagamit ng Distrito ang serbisyo sa mga residenteng nakatira na nakatugon sa mga kinakailangang iyon.

d. Patunay ng Kredito. Kung ang naunang serbisyo para sa isang yugto ng panahon ay isang kondisyon para sa pagtatatag ng kredito sa Distrito, ang paninirahan at patunay ng agarang pagbabayad ng renta o iba pang pananagutang pang-kredito na katanggap-tanggap sa Distrito para sa yugto ng panahong iyon ay sapat nang katumbas.

e. Mga Solong-Pamilya na Nakatira nang Hiwalay. Sa kaso ng mga solong-pamilya na nakatira nang hiwalay, ang Distrito ay maaaring gumawa ng mga sumusunod:

i. Magbigay ng abiso ng terminasyon nang hindi bababa sa sampung araw bago ang pinanukalang terminasyon.

ii. Upang maisantabi ang nakatakdang halaga sa delingkuwenteng account, hilingin sa isang nakatira na naging customer na beripikahin na ang nakatalang customer na delingkuwente ang account ay ang o ang dating landlord, tagapamahala, o ahente ng tirahan.

106.00 Karagdagang Konsiderasyon para sa Pinansyal na Paghihirap

a. Kung ang isang customer na nagpapakita sa Distrito ng sambahayang kita na 200 porsiyentong mababa sa federal na linya ng kahirapan, ang Distrito ay parehong:

i. Itatakda ang mga bayarin sa serbisyo sa \$50 para sa muling pagkakabit sa mga oras na normal ang operasyon at \$150 para sa muling pagkakabit sa mga oras na walang operasyon. Ang mga bayaring ito ay hindi lalampas sa akwal na gastos ng muling pagkakabit kung ang mga gastos na iyon ay mas mababa. Ang mga bayarin sa muling pagkakabit ay dapat sumailalim sa isang taunang pagsasaayos para sa mga pagbabago sa Indise ng Presyo ng Mamimili (Consumer Price Index) simula Enero 1, 2021.

ii. Isasantabi ang mga singil sa interes sa mga delingkuwenteng bill nang minsan sa bawat 12 buwan.

b. Ituturing ng Distrito ang isang residensiyal na customer na may sambahayang kita na 200 porsiyentong mababa sa federal na linya ng kahirapan kung:

i. Ang sinumang miyembro ng sambahayan ay kasalukuyang tumatanggap ng CalWORKs, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Kita na Pandagdag ng Seguridad/Programa sa Karagdagang Kabayaran ng Estado (Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program), o Programa sa Espesyal na Pandagdag sa Nutrisyon ng California para sa mga Kababaihan, Sanggol, at Bata (California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children), o

ii. Ang customer ay nagpapahayag na ang taunang kita ng sambahayan ay 200 porsiyentong mas mababa sa federal na antas ng kahirapan.

107.00 Pamamaraan sa Pagtutol o Pag-apela sa isang Bill

Ang isang customer ay maaaring mag-apela o tutulan ang halagang itinakda sa anumang bill para sa serbisyong tubig sa tirahan alinsunod sa sumusunod na pamamaraan:

a. Pangkalahatang Apela. Sa loob ng limang araw ng pagtanggap ng bill para sa serbisyo ng tubig, ang isang customer ay may karapatan na humiling ng isang apela o pagrepaso ng anumang bill o singil na ibinigay ng Distrito. Ang kahilingan ay dapat maisagawa nang nakasulat at ihahatid sa tanggapan ng Distrito. Habang ang apela ng customer at anumang nagreresultang imbestigasyon ay nakabinbin, hindi maaaring putulin ng Distrito ang serbisyo sa tubig ng customer.

b. 10-Araw na Abiso sa Apela. Bilang karagdagan sa mga karapatan sa pag-apela sa ilalim ng subseksyon (a), sa itaas, ang isang customer na tumanggap ng isang 10-Araw na Abiso na inilarawan sa Seksyon 100.01 (c) ng Patakarang ito ay maaaring humiling ng isang apela o pagrepaso sa bill kung saan nauugnay ang abiso sa loob ng 5 araw ng trabaho ng petsa ng abiso. Gayunpaman, walang ganyang mga karapatan sa pag-apela o pagrepaso ang ipapatupad sa anumang bill kung saan ang isang apela o kahilingan para sa pagrepaso sa ilalim ng subseksyon (a) sa itaas, ay naisagawa na. Anumang apela o kahilingan para sa pagrepaso sa ilalim ng subseksyon na ito ay dapat nakasulat at dapat isama ang dokumentasyon na sinusupportahan ang apela o ang dahilan para sa pagrepaso. Ang kahilingan ay ihahatid sa tanggapan ng Distrito sa loob ng limang araw. Habang ang apela ng customer at anumang nagreresultang imbestigasyon ay nakabinbin, hindi maaaring putulin ng Distrito ang serbisyo sa tubig ng customer.

c. Proseso ng Apela.

i. Pagkatanggap ng isang kahilingan para sa isang apela o pagrepaso sa ilalim ng mga subseksyon (a) o (b), sa itaas, ang Pangkalahatang Tagapamahala ng Distrito, o ang kanyang inatasan, ay susuriin ang kahilingan para sa pagrepaso at ang sumusuportang materyal na ibinigay ng customer at ang impormasyon naka-file sa Distrito tungkol sa mga singil sa tubig na pinag-uusapan. Sa loob ng 10 araw matapos matanggap ang kahilingan para sa pagrepaso ng customer, ang Pangkalahatang Tagapamahala, o ang kanyang inatasan ay dapat magbigay ng isang desisyon tungkol sa kawastuhan ng mga singil sa tubig na itinakda sa bill at dapat magbigay sa umaapilang customer ng isang nakasulat na maikling buod ng desisyon.

ii. Kung ang mga singil sa tubig ay natukoy na mali, ang Distrito ay magbibigay ng isang naitamang invoice at ang pagbabayad ng binagong mga singil ay itatakda sa loob ng 10 araw ng kalendaryo ng petsa ng invoice para sa binagong mga singil. Kung ang binagong mga singil ay nananatiling hindi nabayaran sa mahigit sa 60 araw ng kalendaryo matapos maibigay ang naitamang invoice, ang serbisyo ng tubig ay puputulin. Bago ang pagputol, ang Distrito ay dapat magbigay sa customer ng 10-araw na abiso alinsunod sa Seksyon 100.01 (c), sa itaas. Maibabalik lamang muli ang serbisyo ng tubig matapos ang pagbabayad nang buo sa lahat ng natitirang mga singil sa tubig, mga multa, interes, at anumang naaangkop na mga singil sa muling pagkakabit.

iii. Kung ang mga singil sa tubig na pinag-uusapan ay natukoy na tama, ang mga singil sa tubig ay itatakda at babayaran sa loob ng tatlong araw ng trabaho matapos matanggap ang desisyon ng Pangkalahatang Tagapamahala, o ng kanyang inatasan. Sa panahon na ang desisyon ay ibinibigay, ang customer ay papayuhan sa karapatan ng

karagdagang apela sa harap ng Lupon ng mga Direktor ng Distrito. Anuman sa nabanggit na apela ay dapat isumite nang nakasulat sa loob ng tatlong araw ng paggawa matapos ang pagtanggap ng desisyon ng Pangkalahatang Tagapamahala, o ng kanyang inatasan. Ang pagdinig sa apela ay mangyayari sa susunod na regular na pagpupulong ng Lupon ng mga Direktor ng Distrito, maliban na lang kung ang customer at ang Pangkalahatang Tagapamahala, o ang kanyang inatasan, ay nagkasundo sa mas matagal petsa.

iv. Kung ang customer ay hindi umapela nang napapanahon sa Lupon ng mga Direktor ng Distrito, ang mga singil sa tubig na pinag-uusapan ay agarang itatakda at babayaran. Kung sakaling ang mga singil ay hindi binayaran nang buo sa loob ng 60 araw ng kalendaryo matapos ang orihinal na petsa ng paniningil, ang Distrito ay magbibigay sa customer ng 10-Araw na Abiso alinsunod sa Seksyon 2(c), sa itaas, at maaaring putulin ang serbisyo sa tubig sa ari-arian ng customer kung ang natitirang bill ay hindi nabayaran sa tamang panahon.

v. Kung ang isang pagdinig sa harap ng Lupon ng mga Direktor ay hinihiling, ang customer ay kailangang humarap nang personal sa Lupon at magpakita ng sumusuportang materyal at mga dahilan kung bakit ang mga singil sa tubig sa bill na pinag-uusapan ay hindi wasto. Dapat suriin ng Lupon ang ipinakitang ebidensiya ng customer, pati na rin ang impormasyong naka-file sa Distrito tungkol sa mga singil sa tubig na pinag-uusapan (kasama ang desisyon ng Pangkalahatang Tagapamahala/inatasan) at anumang presentasyon ng mga kawani, at magbibigay ng desisyon tungkol sa kawastuhan ng mga singil. Ang desisyon ng Lupon ay dapat maging pinal at ipaiiral.

vi. Kung nakita ng Lupon na ang mga singil sa serbisyo sa tubig na pinag-uusapan ay mali, ang customer ay bibigyan ng invoice para sa binagong mga singil. Kung ang binagong mga singil ay nanatiling hindi nabayaran sa mahigit sa 60 araw ng kalendaryo matapos ibigay ang itinamang invoice, ang serbisyo ang serbisyo sa tubig ay puputulin, sa susunod na regular na araw ng pagtatrabaho matapos mapaso ang panahon na iyon. Ang Distrito ay dapat magbigay sa customer ng 10-Araw na Abiso alinsunod sa Seksyon 100.01 (c), sa itaas.

vii. Kung ang mga singil sa serbisyo sa tubig ay natukoy na tama, ang mga ito ay itatakda at babayaran sa loob ng tatlong araw ng trabaho matapos ang petsa ng desisyon ng Lupon. Kung sakaling ang mga singil ay hindi nabayaran nang buo sa loob ng 45 araw ng kalendaryo matapos ang orihinal na petsa ng paniningil, kung gayon, ang Distrito ay dapat magbigay ng 10-Araw na Abiso alinsunod sa Seksyon 100.01 (c), sa itaas, at maaaring putulin ang serbisyo ng tubig sa ari-arian ng customer kung ang natitirang bill hindi nabayaran sa tamang panahon.

d. Anumang nakatakdang sobrang mga singil mula sa Distrito ay makikita bilang isang kredito sa susunod na regular na bill sa customer, o ibabalik nang direkta sa customer, sa solong pagpapasya ng Pangkalahatang Tagapamahala o Lupon ng mga Direktor.

e. Ang serbisyo sa tubig sa sinumang customer ay dapat hindi mapuputol sa anumang panahon kung saan ang apela ng customer sa Pangkalahatang Tagapamahala o sa Lupon ng mga Direktor ay nakabinbin.